APL, 4/16/71, p.35

TANGHALAN

# BARIKADA SA ENTABLADO

## ni NINOTCHKA ROSCA

Kung ika'y tulad ko na noong Pebrero'y medyo palutang-lutang at hilong-talilong sa karamihan ng nangyayari sa Kamaynilaan, may pagkakataon ka pang sumama sa barikada sa Diliman. Mas *safe* nga lang ito, walang hirap sa wang-kata; ang gasgas mo lamang ay sa bulsa. Ang nangyari sa Dilima'y isinulat, binuo't dinala sa entablado ng Gintong Silahis (SDK 'yan, kaya sigurado kang *authentic*). Katatapos pa lamang sa UP ang pagtatanghal, at dadalhin raw sa Ateneo bago ilibot ng buong bansa (kung may panggasolinang maililikom ang mga bata).

Ang *Barikada'y* dehins "bakya," malayo kay Nora Aunor at Tirso Cruz III, ika nga. *Deadly* sa pagkaseryoso't nakaaangat sa upuan ang tadyak. Kung gusto mong malaman kung anong nangyari sa likod ng barikada noong Pebrero, manood ka't kumpleto rito, pati na ang pulang bandila. Pagkaramirami po. Huwag ka lang magiging malikot sa bandang huli, paglabas ng mukha ni Kuya't ni Dakilang Pinuno; baka mapagkamalan kang *raider* ng mahihina ang loob.

Malaking leksiyon ito sa mga mahihilig *manguyakoy* sa sining: at maging doon din sa nag-eeksperimento sa tinatawag nating dulaan ng lansangan. Dito mo makikita kung paanong pinagsama ang tinatawag na maka-sining na *craft* at ang tinatawag naman ng mga propagandistang *content*. Wala palang hidwaan ang dalawa at pagtama ang halo'y sining ang lumalabas, sining sa tunay na pakahulugan dito, bilang isang bahagi — isang mahalagang bahagi — ng buhay at pakikibaka ng tao. Sabi nga noong isang matinik, ang sining ay tungkol sa paghahanap sa kalayaan ng tao.

Dito mo rin makikita kung paanong ginagamit ang tinatawag ng mga adelantadong burges na *modern devices* — na sa kanilang kawalan ng respeto'y ginagamit nilang pantabing sa hungkag na laman ng kanilang sining. Ang gamit dito ni Direktor Behn Cervantes sa *Barikada'y* bilang paraan ng paglilinaw at pagtutuwid. Ang tigas talaga, ihahambing mo man sa iba pang tinatawag na tanghalang panlansangan. Madalas kasing mangyari sa mga pagtatanghal na ganito'y sobra ang pukpok ng linya; nagiging puro *choreographed recitation*, na kung paulit-ulit ay medyo nakakapundi. Nawawala tuloy ang drama.

Dito sa *Barikada'y* may tinutunguhan talaga ang takbo ng mga pangyayari—dahil na nga sa ito'y tungkol sa karikada. Nagkakaroon, wari ga, ng buto ang pagsusunud-sunod ng mga eksena; at sapagkat sa may buto ay may porma, may kaayusan, hindi lamang basta dumadaloy kung saan na lang madala ng init ng damdamin. Ayos. At may *high-points* rin — kaya mayroong *catharsis* bagamat inalalayan lang ito para di ka naman latang-lata pagkatapos. Kung lanta ka nga naman, e, paano kang makikibaka?

At upang di mo malimutang tunay na pangyayari ito, na sa bawat kunwa'y nasaktan o napatay sa entablado'y mayroon talagang tunay na na-*deadball* o baldado noong Pebrero, tatlong *screens* pa rin ang nasa harap mo. Kung duda kang totoo ang nangyari'y tingnan mo lamang ang *screen* at naroroon ang mga retratong kuha noong Pebrero. Mayroon pang sine. Kaya mangingilabot ka pag sumigaw ang isang nabaril sa *stage* dahil para bang alingawngaw ng tili ng isang napatay noong Pebrero.

Paglabas ng *film documentary*, bilib ka nang talaga, pare, dahil sa ito'y sinasabayan ng mahinang pagkanta ng isang grupo ng mga lalaki. Hindi nga opera ang mga boses nila, lintik, sino ba nama'ng me gusto sa *operatic singing* kundi 'yon lamang mga tulad ni Relly Estanislao at Evelyn Mandac? Hindi naman natin kaya 'yon; saka medyo *corny* na ngayong tumayo ka sa kanto't kumantang ala-Caruso. Dyahi. Dito sa *Barikada*, may mga awit na kahit boses-ipis ang kumanta'y puwede na rin. O kaya'y sipulin mo na lang, kung kailangan mo ng pampalakas-loob. Lalo pa't may kaharap kang parak na may *armalite* at dala mo'y bote lang. Dahil ang mga kanta rito sa *Barikada'y* talagang ganoon ang gamit: pampatigas ng kalooban, pagdidiin sa isipan na talagang ganito ang pakikibaka — at sa malao't madali'y tagumpay pa rin ang masa.

Talagang napakaganda ng mga kanta; tuloy paglabas mo'y pahuni-huni ka na sila'y tigreng papel, sabi nga — at anong gulat mo! Nasa labas palang mga tinama-'nang *cast* at naghihintay sa iyo. Dadaan ka sa ilalim ng karet at maso (magkakrus), at sunud-sunod na bandilang pula (magkakrus rin). Para bang ibig sabihi'y di rito nagtatapos ang barikada; bagkus ay patuloy ito't kailangan ka upang makiisa sa barkadang nasa likod ng barikada.

Ang nangyari tuloy nito, dahil nga sa malakas ang padyak ng drama, paghiyaw ng mga bata sa labas ng "Sigaw ng bayan!" sasagot ka rin naman: "Himagsikan!" At pagsabi nila ng "Sigaw ni Marcos!" sasagot ka rin agad ng "baw-waw-waw!" ■